



Layunin

Ang layunin ng patakaran sa pangongolekta na ito ay para magtatag ng mga aksyong administratibo para sa pangongolekta ng mga delingkwenteng account, kabilang na ang notipikasyon, pag-aatas ng bayad at paghinto ng serbisyo. Gagawing available sa publiko ang patakarang ito sa website ng Kumpanya. Puwedeng kontakin ang Kumpanya sa pamamagitan ng telepono sa (909)982-4107 para pag-usapan ang mga pagpipilian para makaiwas sa paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi hindi nakabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Mga Pangkalahatang Probisyon

Reperensya:

Senate Bill No. 998: Paghinto ng Serbisyong Tubig na Pangresidensyal

Mga Layunin

Delingkwenteng Account:

Tinukoy ang mga delingkwenteng account bilang anumang account na nananatiling hindi bayad (at walang mga kaayusan sa pagbayad o nakatatag na iskedyl ng alternatibong pagbabayad) sa pagtatapos ng 21 araw ng may opisina pagkaraang maisyuhan ng bill sa tubig. Ilalapat ang mga sumusunod na tuntunin sa pangongolekta ng mga delingkwenteng account:

1. Mga Account na Maliit ang Balanse:
Anumang balanseng \$10 o mas mababa ay maaaring ikarga sa susunod, at idadagdag sa susunod na yugto ng billing nang hindi itinuturing na late fee (bayad sa atrasado) o papatawan ng karagdagang aksyon ng koleksyon.
2. Karagdagang Notipikasyon at Late Fee (Bayad sa Atrasado):
Kung ang bayad para sa nakaraang halagang sinisingil ay hindi natanggap pagkaraan ng ikalawang inisyung bill, kukwentahin ang na late fee at padadalhan ng Panghuling Abiso. Ilalagay ang due date at late fee na kitang-kitang sa panghuling abiso.
3. Ang notipikasyong ito ay magsisilbing makatwiran at taimtim na pagsisikap na makontak ang shareholder sa sulat nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago ang paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ipapadala sa koreo ang nakasulat na abiso sa mailing address na nakatalaga sa account. Kung ang mailing address at ang address ng ari-arian kung saan ipinagkakaloob ang serbisyong tubig ay magkaiba, isang ikalawang abiso ang ipapadala sa address na siniserbisyuhan at naka-address sa "Okupante".
4. Waiver (Pagpapaubaya) ng Late Fee:
Sa nakasulat na kahilingan ng shareholder, posibleng isalang-alang ng Kumpanya na i-waive ang late fee kung may mga kalagayan na mapagpapaumanhinan at ang shareholder

ay hindi pa napapatawan ng late fee para sa delingkwenteng pagbabayad sa nakalipas na 12 buwan.

5. Mga Kaayusan sa Alternatibong Pagbabayad.

Sinumang shareholder na hindi makabayad para sa serbisyong tubig sa loob ng normal na yugto ng pagbabayad ay maaaring humiling ng kaayusan sa alternatibong pagbabayad para maiwasan ang mga late fee o pagkaputol ng serbisyo. Para makagawa ng gayong kahilingan, dapat personal na kontakin ng shareholder ang opisina o sa pamamagitan ng telepono. Isasaalang-alang ng Kumpanya ang lahat ng kalagayan kaugnay ng hiling at gagawa ng pagpapasya kung ipagkakaloob ba ang kaayusan sa pagbabayad o hindi.

Ang mga kaayusan sa pagbabayad na aabot hanggang sa kasunod na mga billing period ay ituturing na amortization plan (hulughulugang pagbabayad), na dapat ay nasa anyong sulat at nilagdaan ng shareholder. Huhulughulugan ng amortization plan ang hindi pa bayad na balanse hanggang sa yugtong tinukoy ng shareholder, hindi lalampas ng 12 buwan simula sa orihinal na petsa ng bill. Ang mga ibinayad na amortisasyon ay pagsasamahin, at sasailalim sa due date ng regular na bill ng shareholder. Dapat sumunod ang shareholder sa mga tuntunin ng amortization plan at dapat na laging nakakabayad dahil maiipon ang mga singilin sa bawat kasunod na mga yugto ng billing. Hindi maaaring humiling ang shareholder ng higit pang amortisasyon ng anumang kasunod na mga hindi bayad na bayarin habang nagbabayad ng delingkwenteng bayarin batay sa amortization plan. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng amortization plan ay magresulta ng pag-isyu ng nasusulat na abiso ng diskoneksyon. Ipapadala sa koreo ang abiso ng diskoneksyon sa mismong lugar nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo ang kaagahan bago ihinto ang serbisyo.

6. Abiso sa mga Nangungupahan sa Residensyal/Mga Okupante sa isang Nakametrong Residensyal na Pang-indibidwal

Gagawa ang Kumpanya ng makatwiran at taimtim na pagsisikap na ipaalam sa mga okupante, sa pamamagitan ng nasusulat na abiso, kapag ang account ng serbisyong tubig ay may kailangang bayaran at sumasailalim sa diskoneksyon nang hindi bababa sa 10 araw bago putulin ang serbisyong tubig. Sasabihin sa nakasulat na abiso na ang nangungupahan/okupante ay puwede maging mga shareholder ng Kumpanya nang hindi na kailangang bayaran ang halagang kailangan sa delingkwenteng account, hangga't gusto nilang akuin ang pinansyal na pananagutan sa mga kasunod na bayarin para sa serbisyong tubig sa address na iyon. Para hindi na singilin ang halagang kailangang bayaran sa delingkwenteng account, dapat magbigay ang nangungupahan/okupante ng patunay ng pagiging nangungupahan sa anyong kasunduan sa pagrenta o patunay ng mga pagbabayad. Kakailanganin ng Kumpanya na maging shareholder ang okupante sa loob ng 60 araw para

makasunod sa mga alituntunin ng kumpanya ng tubig na paghahatid ng tubig ng estado sa mga shareholder lamang.

7. Abiso sa mga Nangungupahan/Okupante sa Multi-Unit Complex na Sinisilbihan sa pamamagitan ng Master Meter

Gagawa ang Kumpanya ng makatwiran at taimtim na pagsisikap na ipaalam sa mga okupante, sa pamamagitan ng nasusulat na abiso na nakasabit sa pinto ng bawat residente, kapag ang account ng serbisyong tubig ay may kailangang bayaran at sumasailalim sa diskoneksyon nang hindi bababa sa 10 araw bago putulin ang serbisyong tubig. Sasabihin ng nakasulat na abiso na ang nangungupahan/okupante na puwede silang maging mga shareholder ng Kumpanya nang hindi na kailangang bayaran ang halagang kailangan sa delingkwenteng account, hangga't payag sila na akuin ang pinansyal na pananagutan sa mga kasunod na bayarin para sa serbisyong tubig sa (mga) address na siniserbisyuhan ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga nakatira ang payag at kaya nilang akuin ang pananagutan ng mga kasunod na singilin sa serbisyong tubig sa ikakukuntento ng Kumpanya, o kung may pisikal na kakayahan, ligal na available sa Kumpanya, na pinili nitong ihinto ang serbisyo sa mga okupante na hindi nakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawing available ng Kumpanya ang serbisyo sa mga nakatira na nakatugon sa mga kinakailangang nabanggit.

8. Apatnapu't walong (48) Oras na Abiso ng Pagwawakas

Gagawa ang Kumpanya ng makatwiran at taimtim na pagsisikap na abisuhan ang shareholder 48 oras patiuna, ng diskoneksyon ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang paraan ng notipikasyon ay gagawin ayon sa gustong notipikasyon (text, telepono, o email) na pipiliin ng shareholder. Sinumang shareholder na walang piniling paraan ng notipikasyon ay aabisuhan sa pamamagitan ng telepono. Kung hindi makakontak ang Kumpanya sa pamamagitan ng text, telepono, o email, gagawa ng taimtim na pagsisikap na puntahan ang residensyal at mag-iiwan ng abiso ng pagwawakas ng serbisyo.

9. Deadline ng Diskoneksyon:

Lahat ng delingkwenteng singilin sa serbisyong tubig at kaugnay na mga babayaran ay dapat matanggap ng Kumpanya sa ika-5:00 n.h. sa araw na tutukuyin sa nasusulat na panghuling abiso.

10. Diskoneksyon ng Serbisyong Tubig para sa Dahil sa Hindi Pagbabayad:

Puputulin ng Kumpanya ang serbisyong tubig sa pamamagitan ng pag-off, at sa ilang kaso ilo-lock ang metro. Bago putulin ang serbisyo, aabisuhan ang customer sa pamamagitan ng panghuling abiso nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago ang pagwawakas at isang ikalawang abiso na 48 oras bago ang pagwawakas ng serbisyo. Sisingilin ang customer ng bayad bilang reperensya sa bayad sa iskedyl ng Kumpanya para muling maipagpatuloy ang serbisyo na nasa billing system ang metro man ay na-off nang aktuwal

o hindi. Ikakandado ang metro sa naka-off na posisyon kung hindi matatanggap ang bayad sa loob ng 2 araw ng unang pagwawakas.

11. Muling Pagtatatag ng Serbisyo

Para maipagpatuloy ang serbisyo na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat magbayad ang shareholder ng bayad sa pagpapatuloy ng serbisyo bilang reperensya sa bayad sa iskedyul ng Kumpanya. Magsisikap ang Kumpanya na muling ikonekta ang serbisyo sa lalong madaling panahon na praktikal, ibalik ang serbisyo bago magtapos ang susunod na regular na araw ng paggawa kasunod ng pagbabayad ng anumang halagang past due at ang delingkwenteng mga bayad na maiuugnay sa pagwawakas ng serbisyo. Ang serbisyong tubig na ibinalik ng sinuman na hindi tauhan ng Kumpanya o ikinabit nang walang awtorisasyon ng Kumpanya ay sasailalim sa mga pagpapataw ng multa o karagdagang mga bayarin o bayad. Anumang pagkasira na mangyayari na resulta ng di-awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay pananagutan ng shareholder.

12. Muling Pagtatatag ng Serbisyo Pagkalipas ng mga Oras:

Ang pagsasauli ng serbisyo sa mga weekend, pista opisyal, o pagkaraan ng 3:30n.h. sa mga araw ng negosyo ay sisingilin ng tinatawag na after-hours re-establishment fee bilang reperensya sa bayad sa iskedyul ng Kumpanya. Hindi isasauli ang serbisyo pagkalipas ng regular na mga oras ng negosyo maliban kung pumirma ang customer sa isang kasunduan na kinikilala ang babayaran at sumasang-ayon na kontakin ang opisina ng Kumpanya nang hindi lalampas sa 10 n.u. sa kasunod na araw ng negosyo para bayaran ang nasabing halaga. Ang tauhan na tumutugon sa mga service call ay hindi pinahihintulatang mangolekta ng bayad pero magbibigay ng tagubilin sa shareholder na kontakin ang opisina bago mag-10 n.u. sa kasunod na araw ng negosyo. Hindi puwedeng isauli ang mga serbisyong naka-off at naka-lock pagkatapos ng mga oras.

13. Notipikasyon ng Disposisyon ng Tumalbog na Tseke:

Pagkatanggap ng tumalbog na tseke na kinuha bilang bayad sa serbisyong tubig o iba pang singilin, ituturing ng Kumpanya na hindi pa bayad ang account. Gagawa ang Kumpanya ng makatwiran at taimtim na pagsisikap na abisuhan ang customer sa pamamagitan ng telepono o isasabit sa pinto ang tumalbog na tseke. Isang 48-oras na abiso ng pagwawakas ng serbisyo dahil sa tumalbog na tseke ang gagawin. Kung hindi makakontak ang Kumpanya sa pamamagitan ng telepono, gagawa ng taimtim na pagsisikap na puntahan ang residensyal at mag-iiwan ng abiso.

Puputulin na ang serbisyong tubig kung ang halaga ng tumalbog na tseke at ang singilin sa tumalbog na tseke ay hindi nabayaran sa petsa o bago ang petsang tinukoy sa abiso. Lahat ng halagang binayaran para mabawi ang tumalbog na tseke at para bayaran ang singilin sa tumalbog na tseke ay dapat na cash, credit card o mga sertipikadong pondo.

14. Mga Di-pinakakasunduang Bill:

Kung di sasang-ayunan ng shareholder ang bill ng tubig at gagamitin nila ang kanilang karapatan na umapela, hindi puputulin ng Kumpanya ang serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela.

15. Mga Apela

Puwedeng iapela ng shareholder ang nakabinbin na pagputol ng serbisyo sa pamamagitan ng pagkontak sa opisina. Susuriin ng Kumpanya ang gayong apela at magbibigay ng rekomendasyon para sa kalutasan sa General Manager at/o sa kanilang inatasan.